Hunyo 07, 2022

**LORMELYN E. CLAUDIO, CESO IV**
Regional Executive Director
DENR-MIMAROPA

Ginagalang na Direktor,

Isang mapagpalang araw!

Ako po si Bb. Lalaine P. Huerto, nakatira sa Brgy. Tumbod, Taytay Palawan. Ako po ay sumusulat sainyo upang mabigyang pansin at mabigyang tugon ang aming problema,bilang negosyante, sa aming barangay.

Sa kasalukuyan ay mayroon akong negosyong pangangalakal ng mga buhay na isda (Red suno, Lapu-lapu) na nasasakupan ng pangangalaga at regulasyon ng PCSD (Palawan Council for Sustainable Development). Ako po ay nabigyan ng Wildlife Special Use Permit (WSUP) na may bisa mula ika- 7 araw ng Hunyo taong 2021 hanggang ika-6 na araw ng Hunyo taong 2022 lamang. Sa kasamaang palad, ako po ay hindi na raw muling mapahihintulutang mabigyan ng panibagong permit dahil sa pansamantalang pagsuspinde ng pagbibigay pahintulot na magtayo ng fishery structure sa mga protected area. Ang amin pong barangay (Brgy. Tumbod,Taytay, Palawan) ay malapit sa Malampaya na itinuturing na proctedted area.

Ang pagpapatigil po ng pamimili ng mga buhay na isda ay mahigit na makakaapekto sa mga mangingisda sa aming barangay, sapagkat ito ang pangunahin nilang hanapbuhay. Napakahirap po sa panahon ngayon ang makakuha ng ibang pagkakakitaan lalo na at may kinakaharap pa ang buong mundo na Pandemya.

Dahil dito, ako po ay buong kababaang loob na lumalapit sa inyo upang kami ay matulungang mabigyan ng konsiderasyon na muli ay makapag-renew ng WSUP Permit at kami ay payagang patuloy na makapamuhay para sa aming mga pamilya. Ang WSUP ay ibinibigay ng PCSD kung mayroong PAMB (Protected Area Management Board) endorsement lamang.

Ang aking pangangalakal ng buhay na isda_ay syang pangunahin kong ikinabubuhay. Bukod dito, ang aking mga katuwang na mangingisda at iba pang trabahador ay umaasa din dito sa kanilang pinagkakakitaan. Ang Pandemyang kinaharap ng buong mundo, bukod sa epekto sa buhay at kalusugan, ay malaki ang pinsalang naidulot sa aming kabuhayan.

Ang inyong konsiderasyon ay malaking tulong sa amin na muling magsimula at bumangon mula sa pandemyang ito.

Inaasahan ang pagdinig mula sa iyo. Maraming salamat po.

Lubos na gumagalang,

**LALAINE P. HUERTO**